



## Saiwai Ward Disaster Prevention Map

244



幸区防災マップ

Sa munisipyo ng Saiwai Ward, inumpisahan na ang pamimigay ng Disaster Prevention Map sa apat na lengguwahe. Ang mga pahina ay nagsasaad ng mga evacuation centers, mga lugar ng water supply, designated emergency hospitals atbp na nakalathala sa makulay na mapa at listahan o katalog. Sa huling pahina nito ay mga kaalaman tungkol sa mga stockpiles, mga paalala at mga dapat ihanda o kakailanganin sa panahon ng kalamidad. Bukod sa wikang Hapon, ang Mapang ito ay nakasulat sa wikang Ingles, Intsik at Koryano.

Inaasahang makakatulong ang mapang ito sa mga residente ng Sawai Ward sa panahon ng Lindol at iba pang kalamidad. Para sa detalyadong impormasyon, makipag-ugnayan sa Saiwai Ward Office, Regional Development Division:044-556-6606.

## Regulasyon ng illegal parking

245



駐車違反取締り

May pagbabago sa bahagi ng Road Traffic Law epektib mula ika-1 ng buwan ng Hunyo. Sa mga nagdaang taon, karaniwang nagpapatupad sa tungkuling ito ay ang mga alagad ng batas o mga pulis, sa kasalukuyan, bukod pa sa mga pulis, ang tinatawag na **chusya kanshi-in** o isang lisensyadong tagapamahala ng parking ay may karapatang magpatupad nito. Ang *chusya kanshi-in* ay naka-sumbbrero at arm badge na kulay mosgreen at nakasulat dito at nagpapatunay na siya ay *chusya kanshi-in*.



Halimbawang ang chusya kanshi-in ay nakakita at napatunayang ang isang sasakyan ay “neglected car” o di kaya “illegal parking”, maglalagay ito ng confirmation seal o mark sa sasakyang ito.

Ang iba namang kaso, ay ang mga na-tiketang drivers ng illegal parking at maging ang mga nagmamay-ari ng mga neglected cars ay kinakailangang magbayad ng multa. Ang mga mapanganib at nakakadisturbong pag-pigil ng sasakyan sa daan ng kahit sandaling panahon, ay kailangang magbayad ng multa dahil kung hindi, hindi mapapayagang magkaroon ng car inspection o *Shaken*. Ito ang bagong regulasyon at pagpapatupad tungkol sa illegal parking. Sa mga katanungan, tumawag sa Kanagawa Prefecture Police Head Office, Ministry of Transportation Parking Measures Division:045-211-1212



# Asao ku HP sa Ingles 246

麻生区ホームページ

Pinabago na ang home page ng Asao Ward noong Disyembre ng nakaraang taon. Bago pa man, dahil sa malaking pagnanais na magkakaroon ng impormasyon ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay para sa mga dayuhan, binigyang pansin ang paggawa ng patnubay sa pamumuhay para sa mga dayuhang residente at ito ay isinulat sa madaling salita ng nihonggo. Subalit sa pagkakataong ito, isinalin-wika ang bahaging ito sa wikang Ingles! Mula sa paraan ng pagpaparehistro bilang dayuhan, Segurong pangkalusugan para sa mamamayan, Edukasyon, Pagpapalaki ng bata, Basura, Recycle, Tax atbp, maging ang mga paliwanag tungkol sa pagsali sa mga asosasyong pang-komunidad. Kabilang sa corner o bahagi ng HP ang Kawasaki HP matatagpuan sa bandang itaas ng title page.

Makipag-ugnayan sa: Asao Ward Office General Administration Division, Planning Section. 044-965-5112.

## Kurso ng Nihonggo

Pang-umaga (Martes at Biyernes 10:00-12:00)

- I Abril 21-Hulyo 11 ¥11,000 (22lessons)
- II Sep.22-Dis.12 ¥11,500 (23lessons)
- III Enero12-Mar.13 ¥9,000 (18lessons)


Pang-Gabi (Miyerkoles 18:30-20:30)

- I Abril12-Hulyo12 ¥6,500 (13lessons)
- II Sep. 9-Dis.13 ¥7,500 (15lessons)
- III Enero10-Mar.14 ¥5,000 (10lessons)

**May paalagaan ng bata (1 yr.-up) para sa pang-umagang kurso.**

**Kawasaki International Center TEL:044-435-7000**

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:  
**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki**



★ **Silid—Sanggunian para sa mga Dayuhan**

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ **Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ **Oras ng Konsultasyon**

**10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon**

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/